

# Tuberkulosis sa Wisconsin


(Tuberculosis in Wisconsin)

**Ang Tuberkulosis**, o TB, ay isang sakit na dulot ng bakterya na tinatawag na *Mycobacterium tuberculosis*. Ang bakterya ay karaniwang umaatake sa mga baga (pulmonary TB), ngunit maaaring umatake sa anumang bahagi ng katawan (non-pulmonary TB). Maaaring kumalat ang TB kapag ang isang taong may aktibong sakit na TB ay nagpakalat ng bakterya sa hangin sa pamamagitan ng pag-ubo o pagbahing. Maaaring gamutin at pagalingin ang mga taong may sakit na TB kung hihingi sila ng tulong medikal para sa kanilang mga sintomas.

Hindi lahat ng nahawaan ng bakterya ng TB ay nagkakasakit. Ang mga taong may latent TB na impeksyon ay hindi nakakaramdam ng sakit, walang anumang sintomas, at hindi makakapagkalat ng TB. Ang mga taong may latent TB na impeksyon ay maaaring uminom ng gamot upang hindi sila magkaroon ng aktibong TB.

Mayroong 54 na pasyenteng nadiagnose na may TB sa Wisconsin noong 2023. Karamihan sa mga pasyenteng ito ay nalantad sa TB sa labas ng U.S. o nagkaroon ng malapitang ugnayan sa isang taong may aktibong sakit na TB.

Bilang ng mga Taong may TB, Wisconsin, 2014-2023



**54**  
kaso ng  
tuberkulosis  
ang naiulat sa  
Wisconsin  
noong 2023



## Average ng kaso

Ang Wisconsin ay may average na 51 kaso ng TB bawat taon sa nakalipas na 10 taon.



## Paglaban sa maraming gamot

Ang rate ng Wisconsin sa paglaban sa maraming gamot na TB ay isa sa pinakamataas sa U.S. Ginamot ng Wisconsin ang 13 pasyenteng may MDR-TB sa nakalipas na 10 taon.



## Mga pagkamatay

Noong 2023, limang tao ang namatay dahil sa TB o mga komplikasyon ng sakit.

